

Inyong impormasyon. Inyong mga karapatan Ang aming mga responsibilidad



INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANO MAAARING GAMITIN AT ILABAS ANG IMPORMASYONG MEDIKAL TUNGKOL SA INYO AT KUNG PAANO KAYO MAGKAKAROON NG ACCESS SA IMPORMASYONG ITO. PAKIBASA ITO NANG MABUTI.

Ang aming pangako sa pagkapribado

Sa Blue Shield of California Promise Health Plan, naiintindihan namin ang kahalagahan ng pagpapanatiling pribado ng inyong personal na impormasyon, at seryoso naming ginagawa ang aming obligasyon.

Sa karaniwang gawain ng pagnenegosyo, gumagawa kami ng mga talaan tungkol sa inyo, inyong medikal na paggamot, at mga serbisyong ibinibigay sa inyo. Ang impormasyon sa mga talaang iyon ay tinatawag na protektadong impormasyong pangkalusugan (protected health information, PHI), na kinabibilangan ng inyong Medikal na Impormasyon, gaya ng tinukoy ng batas ng California, at Personal na kinikilalang Impormasyon ("PII"), tulad ng inyong pangalan, address, numero ng telepono, at Social Security number, pati na rin ang inyong impormasyon sa kalusugan, tulad ng pagsusuri sa pangangalagang pangkalusugan o impormasyon sa claim.

Hinihiling sa amin ng pederal at batas ng estado na bigyan kayo ng abisong ito ng aming mga legal na tungkulin at mga patakaran sa pagkapribado dahil nauugnay ang mga ito sa inyong PHI. Hinihiling na panatilihin namin ang pagkapribado ng inyong PHI at upang ipaalam sa inyo kung sakaling kayo ay apektado ng paglabag ng di ligtas na PHI. Kapag ginagamit namin o ibinibigay ("inilalabas") ang inyong PHI, napapailalim kami sa mga tuntunin ng abisong ito, na naaangkop sa lahat ng mga talaan na ginagawa namin, nakukuha, at/o pinapanatili na naglalaman ng inyong PHI.

Ang inyong mga karapatan

Pagdating sa inyong impormasyong pangkalusugan, may ilan kayong partikular na karapatan.

Ipinapaliwanag ng seksyong ito ang inyong mga karapatan at ang ilan sa aming mga responsibilidad upang makatulong sa inyo. Para sa mga partikular na uri ng kahilingan, dapat ninyong kumpletuhin ang isang form na available sa alinman sa pamamagitan ng pagtawag sa numero ng Serbisyo sa Customer na nasa likod ng inyong ID card o sa pamamagitan ng pagpunta sa aming website sa

<https://www.blueshieldca.com/en/bsp/medi-cal-members/plan-documents>.

Makakuha ng kopya ng mga talaan ng inyong kalusugan at mga pag-claim

- Maaari ninyong hilinging makakita o makakuha ng kopya ng inyong mga talaan sa kalusugan at paghahabol at iba pang impormasyong pangkalusugan na mayroon kami tungkol sa inyo. Tanungin kami kung paano ito gawin.
- Magbibigay kami ng kopya ng mga talaan ng inyong kalusugan at pag-claim, sa loob ng 30 araw simula sa petsa ng inyong paghiling. Maaari kaming maningil ng makatuwirang bayarin na batay sa gastos para sa paghahanda, pagkokopya, at/o pagpapadala nito sa koreo sa inyo. Sa ilang limitadong mga pagkakataong pinahihintulutan ng batas, maaari naming tanggihan ang pag-access ng isang bahagi ng inyong mga talaan.
- Malamang na wala kaming kumpletong kopya ng inyong mga rekord na medikal. Kung gusto ninyong tumingin, o makakuha ng kopya ng, mga talaang hindi namin pinapanatili, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong doktor o klinika.

Hilingin sa aming iwasto ang mga talaan ng inyong kalusugan at mga pag-claim

- Maaari ninyong hilingin sa amin na iwasto ang inyong mga talaan sa kalusugan at paghahabol kung sa inyong palagay ay mali o hindi ito kumpleto. Tanungin kami kung paano ito gawin.
- Maaari naming “tanggihan” ang inyong kahilingan sa ilang partikular na limitadong pagkakataong pinahihintulutan ng batas, ngunit sasabihin namin sa inyo kung bakit sa pamamagitan ng pagsulat sa loob ng 60 araw.
- Malamang na wala kaming kumpletong kopya ng inyong mga rekord na medikal. Kung nais ninyong baguhin ang mga talaan na hindi namin pinapanatili, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong doktor o klinika.

Humiling ng mga kumpidensyal na pakikipag-ugnayan

- Maaari ninyong hilingin sa amin na makipag-ugnayan sa inyo tungkol sa inyong kumpidensyal na impormasyon sa kalusugan sa partikular na paraan (halimbawa, telepono sa bahay o opisina) o magpadala ng liham sa ibang address.
 - Kailangang nakasulat ang inyong kahilingan, at aaprubahan namin ang lahat ng kahilingan para sa kumpidensyal na komunikasyon sa anyo at format na hiniling ninyo, kung madali itong gawin sa hiniling na anyo at format, o sa mga alternatibong lokasyon. Kung ang inyong hiling ay nagsasangkot ng isang menor de edad na bata, maaaring hilingin namin sa inyong magbigay ng legal na dokumentasyon para suportahan ang inyong hiling.
-

Ang inyong mga karapatan (ipinagpatuloy)

Hilingin sa aming limitahan kung ano ang aming ginagamit o ibinabahagi

- Maaari ninyong hilingin sa amin na **huwag** gumamit o magbahagi ng ilang partikular na impormasyong pangkalusugan upang maisagawa ang paggamot, pagbabayad, o ang aming mga operasyon.
- Hindi namin kailangang sumang-ayon sa inyong kahilingan, at maaari kaming “tumanggi” kung makakaapekto ito sa inyong pangangalaga.

Makakuha ng listahan ng mga tao kung kanino namin ibinahagi ang impormasyon

- Maaari kayong humingi ng listahan (“accounting”) ng mga pagkakataong ibinahagi namin ang inyong impormasyong pangkalusugan sa loob ng anim na taon bago ang hiniling ninyong petsa, at sasabihin namin sa inyo kung ano ang aming ibinahagi, ang petsa kung kanino namin ito ibinahagi, at kung bakit.
- Isasama namin ang lahat ng pagbubunyag maliban sa mga tungkol sa paggagamot, pagbabayad, at operasyon sa pangangalagang pangkalusugan, at ilang iba pang partikular na pagbubunyag (gaya ng anumang hiniling ninyong gawin namin). Magbibigay kami ng isang accounting sa bawat taon nang libre ngunit maniningil kami ng makatuwiran at nakabatay sa gastusin na singilin kung hihiling kayo ng isa pa sa loob ng 12 buwan.

Makakuha ng kopya ng abisong ito ng pagkapribado

- Maaari kayong humiling ng papel na kopya ng abisong ito anumang oras, kahit na sumang-ayon kayong matanggap ang abiso sa elektronikong paraan. Bibigyan namin kayo kaagad ng papel na kopya.

Pumili ng isang tao upang kumilos para sa inyo

- Maaari kayong pumili ng ibang tao na kumilos bilang inyong personal na kinatawan. Papahintulutan ang inyong kinatawan na maka-access sa inyong PHI, na makipag-ugnayan sa mga propesyonal at pasilidad ng pangangalagang pangkasalusugan na nagbibigay ng inyong pangangalaga, at na maisagawa ang lahat ng iba pang karapatan ng HIPAA sa ngalan ninyo. Depende sa awtoridad na ibinigay ninyo sa inyong kinatawan, maaari ring may awtoridad siyang gumawa ng mga desisyon tungkol sa pangangalagang pangkalusugan para sa inyo.
- Titiyakin namin na mayroong pahintulot ang taong iyon at maaari siyang kumilos sa ngalan ninyo bago kami gumawa ng anumang aksyon.

Ang inyong mga karapatan (ipinagpatuloy)

Maghain ng reklamo kung sa inyong palagay ay nalalabag ang inyong mga karapatan

- Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa inyong mga karapatan sa pagkapribado o sa palagay ninyo ay nilabag namin ang inyong mga karapatan sa pagkapribado, maaari kayong makipag-ugnayan sa amin sa:

Blue Shield of California Promise Health Plan Privacy Office

P.O. Box 272540

Chico, CA 95927-2540

Telepono: (888) 266-8080

Hotline: (855) 296-9086

Fax: (800) 201-9020

E-mail: Privacy@blueshieldca.com

- Maaari kayong maghain ng reklamo sa Secretary para sa U.S. Department of Health and Human Services Office for Civil Rights sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham sa 200 Independence Avenue, S.W., ROffice 509F HHP Bldg., Washington, D.C. 20201, pagtawag (877) 696-6775, pag-email sa OCRComplaint@hhs.gov, o pagbisita sa www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints/.
- Para lang sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal, maaari rin kayong maghain ng nakasulat na reklamo sa California Department of Health Care Services (DHCS):

DHCS

Opisyal ng Pagkapribado ng DHCS

1501 Abenida ng Capitol

MS0010

Sacramento, CA 95877-74113

Telepono: (866) 866-0602

TTY/TDD: (877) 735-2929

Fax: (916) 327-4556

Website: www.dhcs.ca.gov/formsandpubs/laws/priv

- **Hindi kami gaganti sa inyo dahil sa paghahain ng reklamo.**
-

Ang inyong mga pagpipilian

Para sa ilang partikular na impormasyong pangkalusugan, maaari ninyong sabihin sa amin ang inyong mga pasya tungkol sa kung ano ang aming ibinabahagi at kung ibinabahagi namin ito. Kung mayroon kayong malinaw na kagustuhan sa kung paano namin ibabahagi ang inyong impormasyon sa mga sitwasyong inilarawan sa ibaba, sabihin sa amin kung ano ang gusto ninyong gawin namin, at susundin namin ang inyong mga tagubilin.

Para sa mga layuning ito, pareho kayong may karapatan at opsyon na sabihin sa amin na huwag ibahagi ang inyong impormasyon:

- Kasama ang inyong pamilya, malalapit na kaibigan, o iba pang kasali sa inyong pangangalaga o pagbabayad para sa inyong pangangalaga
- Tungkol sa mga pagsisikap sa pamumuhunan
- Sa pamamagitan ng isang Health Information Exchange ("HIE"), tulad ng Manifest Medex. Tumutulong ang mga HIE sa inyong mga provider ng pangangalagang pangkalusugan at mga planong pangkalusugan na ligtas na masuri, maanalisa, at maibahagi ang impormasyong medikal tungkol sa inyo sa mga layunin ng pagpapabuti ng kalidad ng inyong pangangalaga, pagbabawas ng mga pagkakamaling medikal, at pag-iwas sa hindi kailangan at dobleng paggamot. Maaari rin kayong mag-opt out sa pagbabahagi ng impormasyong ito sa pamamagitan ng pagpunta sa manifestmedex.org/opt-out/ o sa pamamagitan ng pagtawag sa **(800) 490-7617**.

- Tulad ng nakasaad sa Abisong ito

Kung hindi ninyo masabi sa amin ang inyong kagustuhan, halimbawa ay kung wala kayong malay, maaari naming ibahagi ang inyong impormasyon kung naniniwala kami na para ito sa ikabubuti ninyo. Maaari din naming ibahagi ang inyong impormasyon kapag kinakailangan upang maibsan ang isang malala at nakaambang banta sa kalusugan o kaligtasan.

Sa mga sitwasyong ito, hindi namin ibabahagi ang inyong impormasyon, maliban kung bibigyan ninyo kami ng nakasulat na pahintulot:

- Para sa marketing
- Pagbebenta ng inyong impormasyon

Ang aming mga paggamit at pagbubunyag

Paano namin karaniwang ginagamit o ibinabahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan?

Karaniwan naming ginagamit o ibinabahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan nang walang nakasulat na pahintulot ninyo sa mga sumusunod na paraan.

Tumtulong sa pamamahala sa natatanggap ninyong paggamot na pangangalagang pangkalusugan

- Maaari naming gamitin ang inyong impormasyong pangkalusugan at ibahagi ito sa mga propesyunal na gumagamot sa inyo.

Halimbawa: Nagpapadala sa amin ang isang doktor ng impormasyon tungkol sa inyong pagsusuri at plano sa paggamot nang sa gayon ay makapagsasaayos kami ng mga karagdagang serbisyo.

Nagpapatakbo ng aming organisasyon

- Maaari naming gamitin at ihayag ang inyong impormasyon upang patakbohin ang aming organisasyon at makipag-ugnayan sa inyo kapag kinakailangan.
- Pakitandaan, gayunpaman, na hindi namin gagamitin o ihayag ang inyong PHI na genetic na impormasyon para sa mga layunin ng underwriting – ipinagbabawal ang paggawa nito ayon sa pederal na batas.

Halimbawa: Gumagamit kami ng impormasyong pangkalusugan tungkol sa inyo upang makabuo ng mas mahuhusay na serbisyo para sa inyo.

Nagbabayad para sa inyong mga serbisyong pangkalusugan

- Maaari naming gamitin at ilahad ang inyong impormasyong pangkalusugan habang nagbabayad kami para sa inyong mga serbisyong pangkalusugan.

Halimbawa: Nagbabahagi kami ng impormasyon tungkol sa inyo sa inyong plano para sa ngipin upang ma-coordinate ang pagbabayad para sa serbisyo sa inyong ngipin.

Nagkakaloob ng inyong plano

- Maaari naming ilahad ang inyong impormasyong pangkalusugan sa inyong tagapagtaguyod ng planong pangkalusugan para sa pagpapatupad ng plano.

Halimbawa: Nakikipagkontrata sa amin ang inyong kumpanya upang magbigay ng planong pangkalusugan, at binigyan namin ang inyong kumpanya ng ilang partikular na istatistika upang ipaliwanag ang mga premium na sinisingil namin.

Ang aming mga paggamit at paghahayag (ipinagpatuloy)

Paano pa namin maaaring gamitin o ibahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan?

Pinapayagan at inaatasan kaming ibahagi ang inyong impormasyon sa pamamagitan ng iba pang mga paraan – kadalasan ay sa mga paraan na makakabuti sa publiko, gaya ng para sa kalusugan ng publiko at pananaliksik, nang walang nakasulat na pahintulot ninyo. Marami kaming kailangang tugunang kundisyon sa batas bago namin maibahagi ang inyong impormasyon para sa mga layuning ito. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang:

www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/index.html.

Tumutulong sa pampublikong kalusugan at mga problemang pangkaligtasan

- Maaari kaming magbahagi ng impormasyong pangkalusugan tungkol sa inyo para sa ilang partikular na sitwasyon gaya ng:
 - Pag-iwas sa sakit
 - Pagtulong sa mga pag-recall ng produkto
 - Pag-uulat ng hindi magagandang epekto ng gamot
 - Pag-uulat ng pinaghihinalaang pang-aabuso, kapabayaan, o pananakit sa loob ng bahay
 - Tumulong sa mga pagsisikap para sa tulong sa kalamidad
 - Pagsasagawa ng mga hakbang upang maiwasan o maibsan ang epekto ng isang malalang banta sa kalusugan o kaligtasan ng sinuman

Magsaliksik

- Maaari naming gamitin o ibahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan para sa pananaliksik tungkol sa kalusugan, ngunit ayon lang sa, at ayon sa pinahihintulutan ng, batas.

Tumutugon sa mga kahilingan ng donasyon ng organ at tissue, at nakikipagtulungan sa isang medikal na tagapagsuri o director ng punerarya

- Maaari kaming magbahagi ng impormasyong pangkalusugan tungkol sa inyo sa mga organisasyon para sa pagkuha ng organ.
- Maaari kaming magbahagi ng impormasyong pangkalusugan sa isang coroner, medical examiner, o direktor ng punerarya kapag namatay ang isang indibidwal, ngunit ayon lang sa, at ayon sa pinahihintulutan ng, batas.

Tumutugon sa pagpapasahod sa mga manggagawa, pagpapatupad ng batas, at iba pang kahilingan ng pamahalaan

- Maaari kaming gumamit o magbahagi ng impormasyong pangkalusugan tungkol sa inyo:
 - Para sa mga habol para sa workers' compensation
 - Para sa pagpapatupad ng batas o sa isang opisyal ng pagpapatupad ng batas, ngunit ayon lang sa, at ayon sa pinahihintulutan ng, batas
 - Sa mga ahensya ng pagsubaybay sa kalusugan para sa mga aktibidad na pinahihintulutan ng batas, ngunit ayon lang sa, at ayon sa pinahihintulutan ng, batas
 - Para sa mga espesyal na sangay ng pamahalaan gaya ng militar, pambansang seguridad, at mga serbisyo para sa proteksyon ng presidente, ngunit ayon lang sa, at ayon sa pinahihintulutan ng, batas

Sumusunod sa batas

- Magbabahagi kami ng impormasyon tungkol sa inyo kung iniaatas ito ng mga batas ng estado o pederal na batas, pati na sa Department of Health and Human Services kung gusto nitong makita kung sumusunod kami sa pederal na batas sa pagkapribado.
-

Ang aming mga paggamit at paghahayag (ipinagpatuloy)

Tumutugon sa mga nakahaing kaso at legal na pagkilos

- Maaari kaming magbahagi ng impormasyong pangkalusugan tungkol sa inyo bilang tugon sa isang utos ng hukuman o utos na pang-administratibo, o bilang tugon sa isang subpoena, ngunit ayon lang sa, at ayon sa pinahihintulutan ng, batas.

Maliban na lang sa mga layuning inilalarawan sa itaas, kailangan naming kunin ang inyong nakasulat na pahintulot para gamitin o ihayag ang inyong PHI. Halimbawa, hindi namin gagamitin ang inyong PHI para sa mga layuning pang-marketing, ibebenta ang inyong PHI, o gagamitin o ihahayag ang mga talaan ng problema sa paggamit ng bawal na gamot o mga tala sa psychotherapy nang walang nakasulat na pahintulot ninyo, maliban kung malinaw na pinahihintulutan ng batas.

Maaari ninyong kanselahin ang isang nakasulat na pahintulot na nauna na ninyong ibinigay sa amin. Kapag isinumite sa amin sa pamamagitan ng sulat, ilalapat ang kanselasyon sa mga paggamit at paglalabas ng inyong PHI sa hinaharap. Hindi ito makakaapekto sa paggamit o paglalabas na nagawa na, habang may bisa pa ang inyong pahintulot.

May mga pagkakataon ba na hindi namin ibabahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan?

Hindi kami pinapayagang gamitin o ibahagi ang mga sumusunod na uri ng impormasyong pangkalusugan nang walang nakasulat na pahintulot ninyo maliban na lamang kung pinapahintulutan ng batas:

Tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan

- Ang inyong impormasyong pangkalusugan ay hindi maaaring gamitin o ihayag upang magsagawa ng anumang kriminal, sibil, o administratibong pagsisiyasat o magpapataw ng anumang pananagutan sa inyo o sa ibang tao, o kilalanin kayo o ang sinumang iba pa na may kaugnayan sa paghahanap, pagkuha, pagbibigay, o pagpapadali sa pangangalagang pangkalusugan ng reproductive, na ibinigay na ang pangangalagang pangkalusugan ng reproductive ay legal sa ilalim ng Pederal na batas at batas ng estado kung saan ibinibigay ang pangangalagang pangkalusugan ng reproductive. Kasama sa pangangalagang pangkalusugan ng reproductive ang, ngunit hindi limitado sa, mga serbisyong nauugnay sa pagpapalaglag.

Halimbawa: Kung nakatira kayo sa isang estado at naglalakbay sa California upang makatanggap ng legal na pangangalaga sa reproductive health, tulad ng pagpapalaglag, hindi kami pinapayagan at hindi ibabahagi ang impormasyong inyon kung may taong sumusubok na imbestigahan kayo para makuha ang pangangalagang inyon. Gayunpaman, kung makatanggap kami ng legal na patotoo mula sa taong humihiling nito, maaari naming ihayag ang inyong PHI na potensyal na nauugnay sa pangangalaga sa reproductive health (tulad ng pagpapalaglag) para sa mga sumusunod na layunin:

- Mga aktibidad sa pangangasiwa sa kalusugan
- Mga hudikatura at administratibong paglilitis.
- pagpapatupad ng batas
- Mga coroner o medikal na pagsusuri

Ang aming mga paggamit at paghahayag (ipinagpatuloy)

- Ang alinman sa inyong impormasyong pangkalusugan na nauugnay sa mga serbisyong nauugnay sa legal na pagpapalaglag ay hindi ilalabas bilang tugon sa isang subpoena, kahilingan, o utos ng hukuman, o sa pakikipagtulungan sa isang tanong o pagsisiyasat ng isang indibidwal o entity ng pamahalaan sa isa pang estado o isang pederal na ahensya ng pagpapatupad ng batas, nang walang inyong nakasulat na pahintulot, maliban kung malinaw na pinahihintulutan o hinihiling ng batas.
- Ang alinman sa inyong impormasyong pangkalusugan na nauugnay sa inyo na naghahanap, kumukuha, nagbibigay, sumusuporta, o tumutulong sa pagganap ng isang legal na pagpapalaglag ay hindi ihahayag, ibabahagi, o magagamit sa isang elektronikong sistema ng mga talaan ng kalusugan o sa pamamagitan ng isang HIE sa sinumang indibidwal sa ibang estado, nang walang inyong nakasulat na pahintulot, maliban kung malinaw na pinahihintulutan o hinihiling ng batas.

Paggagamot sa sakit sa paggamit ng substance

- Ang anumang mga talaan sa paggamot sa problema sa paggamit ng bawal na gamot ay hindi gagamitin o ihahayag sa mga paglilitis sa sibil, kriminal, pang-administratibo, o pambatasan laban sa inyo maliban kung magbibigay kayo ng nakasulat na pahintulot, o maliban kung iniutos ng isang hukuman ang paghahayag pagkatapos ibigay sa inyo ang abiso at isang pagkakataong tutulan at ang order ay sinamahan ng isang subpoena o iba pang kinakailangang legal na nakakahimok na paghahayag.

Halimbawa: Kung sangkot kayo sa isang nakahaing kaso at may humiling sa amin ng inyong mga talaan sa paggamot sa problema sa paggamit ng bawal na gamot, hindi namin ibibigay ang mga ito maliban kung sasabihin ninyo sa amin sa pamamagitan ng pagsulat o sa isang utos ng hukuman ito at maglalabas ng legal na dokumentong nangangailangan nito.

Ang aming mga responsibilidad

- Inaatasan kami ng batas na panatilihin ang mga pisikal, teknikal, at administratibong pananggol upang tiyakin ang pagkapribado ng inyong PHI. Para protektahan ang inyong pagkapribado, tanging ang mga empleyado lang ng Blue Shield Promise na pinahintulutan at sinanay ang binigyan ng access sa aming mga record na nasa papel at elektroniko at sa mga hindi pampublikong lugar kung saan itinago ang impormasyong ito. Sinanay ang mga empleyado sa mga paksang kabilang ang:
 - Mga patakaran at pamamaraan sa pagkapribado at proteksyon ng data, kabilang ang kung paano nilagyan ng label, itinabi, inilagay sa file, at ina-access ang mga talaang nasa papel at elektroniko.
 - Nakahandang mga pisikal, teknikal, at administratibong pananggol upang mapanatili ang pagkapribado at seguridad ng inyong PHI.
- Sinusubaybayan ng aming Opisina ng Pagkapribado ng korporasyon kung paano namin sinusunod ang aming mga patakaran at pamamaraan ng pagkapribado, at tinuturuan ang aming organisasyon sa mahalagang paksang ito.
- Susundin namin ang anuman at lahat ng batas na nag-aatas sa amin na bigyan kayo ng mga proteksyon sa pagkapribado, kabilang ang HIPAA at anumang iba pang batas sa pagkapribado ng pederal o California. Halimbawa, may mga espesyal na batas na nagpoprotekta sa ilang uri ng impormasyon sa kalusugan, tulad ng, ngunit hindi limitado sa, mga tala ng psychotherapy, impormasyon sa reproductive at sekswal na kalusugan, pangangalaga sa pagpapatunay ng kasarian, mga serbisyo sa kalusugan ng isip, paggamot para sa mga sakit sa paggamit ng sangkap (SUD), genetic na impormasyon, at pagsusuri at paggamot ng HIV/AIDS. Susundin namin ang mga batas na ito. Sa lawak na itinakda ng mga batas sa pagkapribado ng pederal at California ang iba't ibang mga pamantayan para sa ilang partikular na impormasyong pangkalusugan, ilalapat namin ang pamantayan na nagbibigay ng inyong impormasyong pangkalusugan sa mas mataas na antas ng proteksyon at seguridad, maliban na lamang kung hinihiling ng batas. Ipinagbabawal ang anumang paghahayag ng PHI na lampas sa mga probisyon ng batas.
- Agad naming sasabihin sa inyo kung nagkaroon ng problema na maaaring nakapaglagay sa panganib ng pagkapribado o seguridad ng inyong impormasyon.
- Dapat naming sundin ang mga tungkulin at gawi sa pagkapribado na inilalarawan sa paunawang ito at bigyan kayo ng kopya nito.
- Hindi namin gagamitin o ibabahagi ang inyong impormasyon sa paraang hindi inilalarawan dito, maliban na lang kung bibigyan ninyo kami ng pahintulot sa pamamagitan ng pagsulat. Kung bibigyan ninyo kami ng pahintulot, maaari ninyo itong bawiin kahit kailan. Sumulat sa amin kung magbago ang inyong isip.
- Pakitandaan na posibleng ang impormasyong maayos naming inihayag alinsunod sa Abisong ito ay muling ihayag ng tatanggap at, kung gayon, hindi na ito protektado ng mga patakaran sa Abisong ito.

Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang:

www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/noticepp.html.

Mga pagbabago sa mga tuntunin ng abisong ito

Maaari naming baguhin ang mga tuntunin ng paunawang ito, at malalapat ang mga pagbabago sa lahat ng impormasyong mayroon kami tungkol sa inyo. Makukuha ang bagong paunawa kapag hiniling, sa aming web site, at magpapadala kami ng kopya sa inyo.

Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa ng Abisong ito:

Blue Shield of California Promise Health Plan
Privacy Office

P.O. Box 272540

Chico, CA 95927-2540

Telepono: (888) 266-8080

Hotline: (855) 296-9086

Fax: (800) 201-9020

E-mail: Privacy@blueshieldca.com